# Espesyal na Panauhin

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Sis Techie Rodriguez-Elder Founder
Disyembre 17, 2022

Ang anghel na nagpakita noong gabi na isinilang si Hesus ang nagpahayag ng Mabuting Balita sa mga pastol at sila ay nabigla at nasorpresa. Gayunpaman, sinabi sa kanila ng anghel na ipinanganak na ang Manunubos para iligtas ang mundo sa mga kasalanan: ipinapakita nito ang dakilang pagmamahal ng Diyos sa Kanyang mga anak (Lucas 2:8-20). Sa totoo lang, itinuring na nasa laylayan ng lipunan ang mga pastol, ngunit pinili pa rin sila ng Diyos na maging espesyal na panauhin noong Siya ay ipanganak. Tunay nga na ipinapakita nila ang mabuting katangian ng isang naniniwala at mananampalataya kay Kristo.

**1. Nakikilala ang pastol sa ganitong reputasyon:**

1.1. Hindi sila malinis. Marumi sila dahil paminsan-minsan lang sila kung maligo dahil sa kakapusan ng tubig.
1.2. Lagi silang pinaghihinalaan. Kilala silang mga magnanakaw.
1.3. Hindi sila mapagkakatiwalaan. Hindi sila pinapayagang tumestigo sa korte.

**2. Kaugalian ng mga Pastol**

2.1. Kahit itinuturing na mababa ang mga pastol, pinili pa rin sila ng Diyos upang ipalaganap ang Mabuting Balita dahil sila ay masunurin.
2.2.Hinding-hindi sila nagreklamo sa pagpapalaganap ng Mabuting Balita tungkol sa pagsilang ng Mesias, kahit sila ay maglakad sa madilim at bako-bakong daanan.
2.3. At sa huli, gayahin natin ang mga pastol bilang tagapagdala ng Mabuting Balita at gayahin natin ang mabubuti nilang kaugalian sa pakikipag-ugnayan natin sa Panginoon.

**3. Para sa ating "Espesyal na Panauhin" sa panahon ng Kapaskuhan,**

3.1 sabihin natin na si "Hesus" ang dahilan ng ating pagdiriwang sa halip na sabihing, "Maligayang Pasko! O kaya "Maligayang Pagdiriwang!"
3.2. bumili ng regalo para sa taong ipinagdadasal natin.
3.3. magyaya ng kaibigan o kasamahan sa trabaho na dumalo sa bisperas ng Pasko para sa Parangal at Papuri sa Panginoon.
3.4. mag *post* sa facebook ng mga salita ng Diyos na may bersikulo mula sa mga aklat ni Mateo at Lucas.
3.5. imbitahin ang iba na mananghalian o maghapunan para magkaroon ng pagkakataong ipaliwanag ang kahalagahan ng Pasko at si Kristo ang tagapagligtas ng mundo.

**Konklusyon:**

Pinili ng Diyos ang mga pastol dahil sa simple nilang pamumuhay, tapat at mapagpakumbaba. Sila ang taga hatid ng "Mabuting Balita", ang pagsilang ng Mesias. Bukod dito, nanatili silang taga bantay ng mga kawan at kayang iwan ang 99 upang hanapin ang isang nawawalang tupa. Sa parehong paraan, si Hesus, ang Mabuting Pastol ang nakakakilala sa Kanyang mga tupa at nagpapahalaga sa bawat tupang naliligaw. (Awit 23; Juan 10).

**Pagninilay:**

1. Nagtataka ka ba kung bakit pinili ni Hesus ang mga Pastol na magbahagi ng Mabuting Balita?
2. Bakit hinayaan ng Diyos na ipanganak ang sanggol na si Hesus sa sabsaban kaysa sa palasyo?
3. Napagnilayan mo ba at nagpasalamat sa Diyos na inialay Niya ang kaligtasan sa ating lahat bagamat hindi tayo karapat-dapat?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags:#Pananampalataya